
Magkaroon ng Hindi Makakalimutang personal na pagtatagpo
Travel
Manitoba
.com

# Maakit.



PARKS CANADA

Ang Riding Mountain National Park



Ang Canola Field



Ang Winnipeg Skyline

# Malugod na pagdating sa Manitoba!

Matatagpuan sa sentro ng Canada, ang likas at natural na kagandahan ng Manitoba at ang kariktan ng kalunsuran ay iiwan kang bighani.

Makipag-kaibigan sa pagkalaki-laking osong puti at samsamin ang maningning na kultura ng kabiserang lungsod ng Winnipeg. Sumagwan sa tabi ng mga mapag-usisang mga balyenang beluga at tuklasin ang kagandahang-loob at pagiging mapagkaibigan ng aming mga mamamayan habang nagbabakasyon sa Manitoba.

Ang Manitoba ay ang ika-anim na pinakamalaking lalawigan sa Canada na may 649,950 kilometro kwadrado (o 250,947 milya kwadrado). Ang lalawigan ay may mahigit sa 100,000 mga lawa at may halos kontinental na klima. Ang Winnipeg ay isang aktibong lungsod na may halos 700,000 katao.

Ang tanawin ng Manitoba ay labis na magkakaiba. Ang timog-kanlurang bahagi ng Manitoba ay isang parang, na may bukirin at patag na may mga bukas na bukid na napakalawak hanggang sa matatanaw ng mga mata. Ang pinaka-hilagang lugar ng Manitoba ay may mga tampok na lawak ng tundra, na halos patag din. Ang ibang bahagi ng lalawigan ay pinangingibabawan ng Canadian Shield, isang mabato, mayaman sa puno na heograpiya na may mga nakamamanghang lawa, burol at mga bangin.

## Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Mga Panguhahing Karanasan ng Manitoba | 4 |
| Ano ang bago sa Manitoba | 7 |
| Kabisera ng Osong Puti sa Mundo | 9 |
| Mga Matitinding Tag-init sa Churchill | 11 |
| Pangingisda | 15 |
| Labas sa Ordinaryo na Mga Gawain sa Gubat | 17 |
| Maglakad ng Walang Pumipigil | 19 |
| Winnipeg: Lugar na Nagtitipon-tipon | 21 |
| Mga Ideya Upang Makapagsimula Ka | 22 |
| Halika at Matuto | 23 |




YVETTE CARDOZO

Ang Churchill ay isa sa tatlong pangunahing lugar sa planeta na makakakita ng 'northern lights'. Ang pinakamainam na panahon sa taon upang makita ang natural na pangyayaring ito ay ang mga buwan ng Marso at Abril.

# Mga Panguhahing Karanasan ng Manitoba

Mula sa pagtingin sa wildlife papuntang pagkukuwento, mula sa timog na prairie papunta sa hilagang tundra – ang mga pangunahing karanasan ng Manitoba ay nag-aalok ng pagkakataon ng buhay na makita, gawin, tikman at mabuhay sa pinakamahusay na hinahandog ng lalawigan na ito.



Panonood ng Osong Puti

## Panonood ng Osong Puti – Oktubre/Nobyembre

Ang mga osong puti ay nasa tuktok ng listahan ng dapat makita: tingnan sila nang malapitan habang hinihintay nila ang pagyeyelo ng Hudson Bay. Daan-daang mga osong puti ang pumapalibot sa hilagang bayan ng Churchill tuwing taglagas. Makakuha ng pananaw ng ibon ng mga oso sa pamamagitan ng pagsakay sa helicopter sa taas ng tundra – panoorin ang mga Artikong sorong tumatakbo sa puting kalawakan sa ibaba. Pagandahin ang iyong artikong pakikipagsapalaran sa isang kapanapanabik na pagsakay sa 'dogsled' sa boreal forest at mamasyal sa kultura ng Inuit sa Eskimo Museum. Kamanghaan ang sumasayaw na mga ilaw at liwanag ng Aurora Borealis habang kumakain ka ng bison, caribou o Artikong char para sa hapunan.

## Mga Tag-init na Artikong Safari – Hulyo/Agosto

Ang isang ekspedisyon ng tag-araw upang makita ang mga oso ay nagtatampok ng makikinang na pagsabog ng kulay mula sa mga wildflower ng tundra. Idagdag ng panonood ng balyenang beluga sa iyong itineraryo – lumabas sa tubig upang makipagkaibigan sa mga usiserong nilalang na ito. Magsuot ng wetsuit at mag-snorkel upang mapakinggan ang kanilang mga kanta sa ilalim ng tubig, mga lagitik at mga pito. Pumunta nang malalim sa kalawakan sa isang nakalulutang na eroplano upang makita ang moose, mga itim na oso at caribou sa isang ginabayang hike sa kalikasang gabay. Magdala ng teleskopyo at bilangin ang dami ng mga ibon – lawin, palkon, kuwago, mga tern at mga gull – nakita papunta sa ika-18 siglong Prince of Wales Fort o M/V Ithaca na barkong nawasak.

O pumuntang hilaga na isang hinto na lang sa pakikipagsapalaran sa Manitoba. Idagdag ang bison, elk at mga coyote sa iyong listahan ng wildlife ng mga oso at beluga na may pagbisita sa mga parkeng gubat. Dito ang mga ginintuang prairie ng kanluran ay nagbibigay-daan sa masukal na mga berdeng gubat ng hilaga. Narito rin ang kultura ng mga tagapangunang lugar na tirahan nila; magpakasaya sa isang Ukrainian na piyesta – isang pananalamin ng magkakaibang kultura ng Manitoba.

## Mga 'Fly-in Fishing Lodge' – Mayo hanggang Setyembre

Magtagal pa ng oras sa tubig sa isang 'wilderness resort' sa sukal ng puso ng boreal na kagubatan. Dumating sa pamamagitan ng nakalulutang na eroplano at matutunan ang mga sikreto ng pangingisda sa gubat at paano maghanda ng tradisyunal na tanghalian sa baybayin. Sundan ang mga gabay na dinaanan ng mga nangangalakal ng balahibo – ituturo ng mga gabay ang mga sinaunang pictograph na nagpapakita sa kasaysayan ng mga katutubong tao. Maghanap ng moose, itim na oso, caribou at beaver. Makinig sa mga huni ng mga agila, kuwago, mga finches at mga flycatcher. Manatili sa gabi na nakababad sa kultura ng French-Canadian at Métis, na may tradisyunal na pagkain, mga kanta at pagkukuwento.



Mga 'Fly-in Fishing Lodge'

## Mga Arkitekturang Sikreto sa Winnipeg – buong taon

Tuklasin ang mga nakatagong kuwento sa isa sa mga palatandaan ng Manitoba – ang Manitoba Legislative Building. Ang arkitekturang kamamanghaang ito ay puno ng mga 'occult cue', mga nakatagong hieroglyphic na inskripsiyon, mga numerikong koda at mga simbolong Mason (Freemasonic) na hindi nakita ng mga historiko at mga bisita nang halos isang daang taon. Malaman kung bakit may dalawang sphinx sa bubong at ang kahulugan ng kumikinang na simbolong pigurang nakatingin sa lungsod ng Winnipeg, ang Golden Boy.



Hermetic Code Tours -
Manitoba Legislative Building

## Kalikasan at Kasaysayan ng Winnipeg – buong taon

Tingnan kung paano ang mga tao at ang lupa ay konektado sa isang kamangha-manghang pagpapakilala sa bison at Katutubo, Métis, mga voyegeur at mga tagapanguna na lumakad katabi ng imahe na simbolo na ito ng Manitoba. Tingnan ang kawan ng 30 bison nang malapitan pagkatapos ay sundan ang nakalinyang-yelo na daan papunta sa isang Plains Cree tipi. Pagpasahan ang mga bagay na ginawa mula sa bison, tulad ng makinis na itim na kutsara na ginawa mula sa isang sungay. Isipin na kayanin ang taglamig sa loob ng 'sod roof' na tahanan ng tagapanguna at magpakasaya sa bannock na niluto sa isang bukas na apoy matapos sumagwan ng isang voyageur na canoe sa palibot ng lawa.



Kalikasan at Kasaysayan ng Winnipeg

# Ang Canadian Museum for Human Rights



# Ano ang bago sa Manitoba

Kasama ng kamangha-manghang gubat at iba't ibang mga kulturang magkakaiba, ang Manitoba ay malapit nang maging tahanan ng tatlong napakagandang atraksiyon na magbibigay-inspirasyon at makakapagbigay-tuwa sa ating mga bisita.

Ang Canadian Museum for Human Rights ay pambansa at pandaigidigang simbolo ng pag-asa. Nag-iwan ng marka ang kahanga-hangang disenyo nito sa kalangitan ng Winnipeg ito ay kumakatawan sa pangunahing misyon ang museo: pumukaw ng talakayan at ng isang pangako sa pagsasagawa ng pagkilos laban sa poot at pang-aapi.

Matatagpuan sa tradisyonal na lugar ng pakikipagkita sa Winnipeg, Ang Forks, ang museo ay magiging sentro ng pag-aaral, ng pagkilos at ng pag-asa. Sundin ang daanan mula sa kadiliman papunta sa liwanag, sa pamamagitan ng interaktibong eksibisyon na magbahagi ng mga kuwento ng paglaban, katatagan, tiyaga at tapang. Halos isang kilometro ng mga tulay na papunta sa Tower ng Hope, isang 23-palapag na salamin na istraktura na kung saan matatanaw ang lungsod at lampas pa. Mangahas sa isang paglalakbay sa Churchill nang hindi umaalis sa Winnipeg. Ang Journey to Churchill na pagtatanghal sa Assiniboine Park Zoo ay magtatampok ng mga hayop at tanawin sa hilagang Manitoba. Tingnan ang mga osong puti mula sa lahat ng mga anggulo, kabilang ang isang lugar sa panonood na nasa ilalim ng dagat. Alamin ang tungkol sa oso at ang mga isyu na nakakaapekto sa kanila sa International Polar Bear Conservation Centre, na bukas na ngayon. Tingnan ang 'northern lights' sa ilalim ng dome ng Aurora Borealis Theatre. Ang rooftop na Tundra Garden ay maghahandog din ng mahuhusay na pagtingin sa buong 10-acre na pagtatanghal, na nagtatampok din ng caribou, musk ox, mga seal at ibang mga hilagang hayop. Ang Journey to Churchill ay nagtatakda ng bagong pandaigdigang pamantayan para sa mga pagtatanghal ng osong puti sa buong mundo.

Ang Winnipeg ay ang "Pinakabagong Sentro ng Convention ng Canada" – na may binabalak na pagpapalawak ng Winnipeg Convention Centre upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pagpupulong at pagtitipon ngayon. Nagtatampok ng malaking bagong bulwagan at pampublikong espasyo ng lobby, ang karagdagang 69,000 piye kwadrado ng espasyo sa tanghalan ay madaragdag sa umiiral na espasyo ng tanghalan, upang tumanggap ng mahigit sa 700 mga booth para sa pagtatanghal. Ang kahanga-hangang ikatlong palapag na City Room, na matatagpuan sa itaas ng kung ano ngayon ay isang kalye ng lungsod, ay nag-aalok ng mga katangi-tanging tanawin ng lungsod. Sa ibaba, sa antas ng kalye ay isang bagong lugar ng pagtitipon sa gitna ng downtown Winnipeg.



Ang Journey to Churchill exhibit - Ang Assiniboine Park Zoo




Ang Winnipeg Convention Centre


Mga Hari ng Artiko.

# Kabisera ng Osong Puti sa Mundo


BLAINE HARRINGTON


KERRICKJAMES.COM

Naturingang “Mga Hari ng Artiko”, ang mga osong puti ay ang pinakamalaking karniboro sa lupa sa buong mundo. Wala silang mga likas na kalaban. Sa gayon, wala silang takot. Nangangahulugan ito na ang mga oso ay masyadong lumalapit sa mga tumitinging sasakyan, nagbibigay sa iyo ng pinakamahusay na pagtingin sa mga higanteng nilalang na maaaring tumayo hanggang sa tatlong metro (10 piye) ang taas. Ang mga natatanging sasakyang tundra, idinisenyo upang dahan-dahang gumalaw sa ibabaw ng niyebe at yelo, nagbibigay ng proteksyon habang dinadala ka sa pangunahing puwesto upang panoorin at kunan ng larawan ang mga madalas na mausisang mga oso.

Ang mga osong puti ay may napakahusay na pang-amoy. Mahahanap nila ang amoy mula 30 km ang layo at nasisinghot ang mga seal sa ilalim ng tatlong talampakan ng niyebe at yelo.

Malugod na pagdating sa Churchill, ang kabisera ng osong puti sa mundo. Matatagpuan 1,100 km (700 milya) mula sa Winnipeg, ang Churchill ay isa sa ilang mga pamahayan kung saan ang mga osong puti ay maaaring subaybayan sa kagubatan. Ang pinakamainam na mga panahon sa pagsubaybay ay Oktubre at Nobyembre. Sa panahong ito, daan-daang mga oso ang lumilipat mula sa kanilang tirahan sa tag-araw sa tundra papunta sa baybayin ng Hudson Bay naghihintay sa mga malalaking tipak ng yelo na mabuo. Ang mga tipak ng yelo ay nagbibigay ng daan sa mga seal na nagbibigay lakas sa mga malalaking nilikhang ito.

Manatili sa isang tahanan sa gubat na itinayo sa ruta ng migrasyon ng mga oso. O matulog sa ilalim ng mga bituin sa hindi gumagalaw ng tundra lodge, kasama ang lahat ng mga ginhawang kakailanganin mo.


KERRICKJAMES.COM

KERRICKJAMES.COM



Halika at makipaglaro sa akin

# Mga Matitinding Tag-init sa Churchill

Habang ang Churchill ay pinaka-tanyag bilang Kabisera ng Osong Puti sa Mundo, ang tag-araw din ay ang pinakamagandang panahon sa pagbisita, sa pagdating ng tundra ay nabubuhay sa hindi mabilang na mga yamang-gubat, mga bulaklak at mga ibon. Ang paglalakbay sa Churchill mula sa Winnipeg sa pamamagitan ng eroplano, o maglakbay sa pamamagitan ng kotse o RV sa Thompson at pagkatapos ay sumakay ng Via Rail na tren, habang pinanonood ang pagbabago ng tanawin mula sa pririe, sa parkland, sa boreal na kagubatan, papuntang tundra.





MICHAEL POLIZA

Ang mga tag-init ng Churchill ay nag-aalok ng mahirap paniwalaan na karanasan kung saan makakakita ng 3,000 balyenang beluga na nagsasaya sa bunganga ng Churchill River, kung saan dinadala nila ang kanilang mga inakay upang maglaro sa mas maiinit na mga tubig ng ilog habang dumadaloy ito sa Hudson Bay. Kapag Hulyo at Agosto, masisiyahan ang mga bisita sa pagbabangka o pagka-kayak kasama ang mga maiingay na balyenang ito.

Ang mga naghahanap ng malapitan na pakikipagsalamuha ay maaaring subukang mag-snorkel kasama ang mga balyena, minsan lamang sa buhay ang pagkakataong makaharap ang mga kaibig-ibig at mababait na mga hayop na ito.

Maging mapagmatyag sa walang katapusang pagtustos ng mga yamang-artiko kabilang ang daan-daang mga uri ng ibon, caribou at artikong soro. Maaari ding biglang magpakita makapangyarihang osong puti. Bagama't nakikita nang mas kaunti kaysa sa taglagas, ang mga osong puti ay paminsan-minsan nagigising mula sa mahabang pag-idlip sa tag-init o nakikitang bumabalik sa lupa mula sa mga inaanod na mga piraso ng yelo.

BRANDON COLE





Ang Prince of Wales Fort National Historic Site

Katulad ng kuwardo ng isang pintor, sa tag-init ang tanawin ng Churchill ay may namumukadkad na mga ligaw na bulaklak sa anumang bawat kulay na kayang maisip. May mahigit sa 400 uri ng mga katutubong halaman sa lugar, ginagawang perpekto ang kapaligiran para sa isang paglalakad ng mahaba. Gumala-gala sa tundra at sa kahabaan ng baybayin ng Hudson Bay kapag mababa ang tubig. Para sa mga naghahanap ng kaunting bilis, subukan ang pagpaparagos (dog sledding) sa isang karitong may gulong – ang kakulangan ng niyebe ay hindi magpapabagal sa mga asong ito.




Ang kahanga-hangang tanawin ng Churchill ay kasama ng malawak na kasaysayan nito. Ang napakalaking pader na bato ng isang dating kutang militar, ang Prince of Wales Fort, ay marka ng dinaungang lugar ng mga mangangalakal ng balahibo na nagbukas sa kanluran ng Canada. Ang Museo ng Eskimo, na may mga sinaunang-panahon artipakto at kaakit-akit na Inuit na sining, ay nagpapakita sa diwa at kasaysayan ng mga hilagang pamayanan ng Canada.

At para sa isang mas malayong karanasan, galugarin ang ilan sa mga tirahan sa kagubatan na matatagpuan malapit lang sa labas ng Churchill. Tamasain ang karangyaan at pagiging mapag-isa habang napapalibutan ng kalikasan.

Ang mga beluga ay napakaingay, nagpapalabas ng kakaibang matining na mga pito, naglalagitik at humuhuni, na siyang nagbibigay sa kanila ng palayaw na "sea canaries".




# Isang matapat at tahimik na impresyon.



MV Ithaca

Mula katahimikan...

hanggang pag-agos ng adrenaline sa isang kisap-mata.



Ang Duck Mountain Provincial Park

# Pangingisda



Ang Manitoba ay tahanan ng ilan sa mga pinakamahusay na isports ng pangingisda sa North America. Mula napakalaking northern pike, trophy walleye, furious lake trout hanggang sa higanteng channel catfish. Ang mga napakalaking isda na ito ay kinukunan ng larawan para maipagmalaki at pagkatapos ay pinakakawalan pabalik sa ilog, upang panatilihin ang mga populasyon at ecosystem.

Dumating sa pamamagitan ng nakalulutang na eroplano sa isang liblib na kagubatan na tirahan, kumpletong may de-kalidad na mga kaluwagan at pasilidad. Tuklasin ang pinakamagandang mga lugar upang mahanap ang pinakamalaking isda sa mga lokal na katutubong gabay. Ang mga katakam-takam na tanghalian sa baybayin ay hinahanda sa tabing lawa at nagbibigay ng bagong kahulugan sa pariralang "catch of the day". Ang 100,000 lawa at daan-daang tirahan at mga nag-e-ekspedisyon sa Manitoba ay naghahandog ng kakaibang karanasan sa pangingisda sa mga nagsisimula at mahuhusay nang mga angler.

Ang Master Angler Awards Program ng Manitoba, na itinaguyod nang mahigit 50 taon na ang nakalipas, ay kumikilala sa kakayahan ng mga angler na humuli ng tropeyong isda sa Manitoba.
Ang programa, sa pamamagitan ng mga patakaran nito sa "hulihin at pakawalan" ay nagsisilbing pang-edukasyon at pangkonserbasyong kasangkapan habang tinataguyod ang pandaigdigang isports ng pangingisda ng Manitoba.



Tinatayang 16% ng ibabaw ng Manitoba ay nasa ilalim ng dagat – samakatuwid ito na kilala bilang ang "Land of 100,000 Lakes".




Ang Little Limestone Lake

# Labas sa Ordinaryo na Mga Gawain sa Gubat

Sa Manitoba walang tigil ang mga oportunidad para sa mga panlabas na pakikipagsapalaran. Ang mga hiker, mga siklista at mga skier ay maaaring pumili mula sa daan-daang mga kilometro ng mga landas na paikot-ikot sa mga panlalawigan at pambansang parke ng Manitoba. Pumunta sa itaas ng isang kahanga-hangang talon sa hilagang Pisew Falls Provincial Park. Mag-iwan ng mga bakas sa buhangin sa isang likas na kaibhan ng Manitoba, ang mga sinaunang dune ng Spirit Sands sa Spruce Woods Provincial Park sa kanluran. Lakbayin ang magaspang na kagandahan ng Precambrian Shield sa Whiteshell Provincial Park sa silangan.



Ang Spirit Sands



Ang Pisew Falls



Ang Grand Beach Provincial Park




Ang Bloodvein River

Ibabad ang iyong sarili sa nakakakilig na kalikasan ng Manitoba habang sumasagwan ka pababa sa isang makasaysayang ilog, pagsunod sa tradisyonal na mga ruta ng negosyante ng balahibo. O kumuha ng iba't ibang pananaw ng Winnipeg sa pamamagitan ng pagsagwan sa mga malapit sa lungsod na daluyan ng tubig sa kalunsuran.

Ang pinakamalaking lawa ng Manitoba ay ang Lake Winnipeg. Pinagmamalaki nito ang isa sa pinakamagandang natural na buhangin na sa mundo, isang oras na pagmamaneho pahilaga ng Winnipeg. Ang angkop na pinangalanang Grand Beach ay nagtatampok ng mababaw na tubig na perpekto sa pagtatampisaw at malambot na puting buhangin na perpekto sa pagpapahinga. Panooring dumaan ang mga bangkang may layag o itali ang iyong sarili sa isang kite board at hayaan ang mga alon at hangin na isakay ka.

Ang Bloodvein ng Manitoba, Hayes at Seal na Ilog ay itinalaga bilang Canadian Heritage na Mga Ilog.

Tinatayang 441 km ang haba, ang Lake Winnipeg ay ang ika-14 na pinakamalaking sariwang tubig na lawa sa mundo.



Kasing bangis na nais mo maging.

# Maglakad ng Walang Pumipigil



PARKS CANADA







PARKS CANADA




Ang magkakaibang mga habitat ng Manitoba – sub-Arctic na tundra, malawak na kapatagan, kagubatan at mga parkland – sumasakop sa napakagandang mapapanood na wildlife sa buong taon.

Ang napakalaking bison, moose at elk ay madaling makita sa paligid ng lalawigan, lalo na sa taglagas. Panoorin ang mga osong puti o mga beluga sa Hudson Bay sa baybayin ng Manitoba.

Ang Oak Hammock Marsh, ilang minuto lang pahilaga ng Winnipeg, ay tahanan ng halos 300 uri ng mga ibon. Mahigit sa 400,000 ibon sa isang araw ang dumadaan sa habang nagsisimula ang panahon ng paglipat sa kalagitnaan ng Agosto.

Ang Riding Mountain National Park ay isa sa pinakamagandang lugar para manood ng wildlife sa Manitoba. Ang 3,000 kilometro kwadrado na parke ay isang halo ng ilang, lugar ng mga kabayanan, gubat, damuhan, burol, lambak at lawa. Karaniwan ang mga Great Grey Owls pati ang maraming uri ng mga lawin at mga palkon, pati na ang moose, elk, usa, itim na oso at bison.

Libu-libong taon na nagsasama-sama dito ang mga tao.



Ang  Forks National Historic Site, Winnipeg

# Winnipeg: Lugar na Nagtitipon-tipon

Ang Winnipeg, ang kabiserang lungsod ng Manitoba ay mahalagang lugar ng pagtitipon-tipon sa kabuuan ng kasaysayan.

Manatili maghapon sa paggalugad ng Exchange District, isang 30-bloke ng koleksyon ng paglipat-ng-siglo na arkitektura. Galugarin ang mga usong tindahan at maraming mga tanghalan ng sining, pagkatapos ay pumunta sa Museo ng Manitoba at tumayo sa palapag ng Nonsuch, isang sukat-ng-tao na ika-17 siglo na barko na may tanghalan na binuo sa paligid nito.

Para sa mga mahilig sa teatro, mga mahilig sa musika at mahihilig sa sayaw, suriin ang mga kilalang Royal Winnipeg Ballet, Winnipeg Symphony Orchestra, Manitoba Theatre Centre o isa sa iba pang dose-dosenang propesyonal na kompanyang gumaganap ng sining.

Sa mahigit 1,100 restoran na sumasaklaw mula sa klasikong kainan hanggang sa eleganteng 'fine dining', ang Winnipeg ay isang lugar ng maraming lutong masasarap. Magpakasawa sa panlasa ng lungsod sa isang kaakit-akit na kainan o sa gitna ng sigla ng dalawang casino ng Winnipeg.

Galugarin ang mga kakaibang sulok ng Winnipeg at mga matataong sentro. Bumisita sa St. Boniface, ang French Quarter ng lungsod. Mamasyal sa Osborne Village o sa Corydon Avenue, may mga kakaibang tindahan at mga restoran. Magpakasaya sa katahimikan ng malalago at mga berdeng parke ng Winnipeg at bumisita sa FortWhyte Alive. Sundan muli ang daanan ng kasaysayan ng Winnipeg sa mga baybayin ng mga pumipihit na ilog nito sa kilalang lugar ng pagsasama-sama ng lungsod, Ang Forks.

Maranasan ang kultura ng Manitoba sa mga pangunahin nitong piyesta, katulad ng Folklorama, ang pinakamalaking multicultural na piyesta sa mundo o ang Festival du Voyageur, isang taglamig na selebrasyon ng mga mangangalakal ng balahibo ng Manitoba at mga tradisyong francophone.



Ang Winnipeg's Exchange District



Ang Royal Canadian Mint



SCOTT STEPHENS

Ang Manito Ahbee Festival



Ang Nonsuch - Ang Manitoba Museum

# Mga Ideya Upang Makapagsimula Ka

Sampol na Itineraryo #1
Isang Artikong Pakikipagsapalaran sa Churchill
Artikong Pang-tag-init na Safari: Hulyo/Agosto
Pagpapanood ng Osong Puti: Oktubre/Nobyembre
Araw 1: Dumating sa Winnipeg, ang sentro ng North America, kung saan kailangan mong magsimula sa isang pagbisita sa Museo ng Manitoba upang maghanda para sa iyong paparating na pakikipagsapalaran sa hilaga.

Araw 2: Habang naglalakbay ka nang 1,300 kilometro pahilaga, manggilalas habang ang nagbabago ng heograpiya mula sa agrikulturang prairie na bukirin sa timog, papunta sa mabatong Canadian Shield, papunta sa malinis na boreal na kagubatan at sa wakas sa permafrost taiga ng sub-Arctic. Ang mga mahilig sa tren ay magpagala-gala sa tanawin nang dalawang araw, habang ang mga nagmamadali ay makakapunta doon sakay ng eroplano nang hindi aabot sa tatlong oras. Ang pakikipagsapalaran mo sa Churchill ay magsisimula sa isang oryentasyon sa mga tampok ng bayan at lugar.

Araw 3: Sa Oktubre/Nobyembre, lahat ng mga osong puti sa lahat ng panahon. Depende sa haba ng iyong paglilibot, isa hanggang limang araw ang gugugulin sa pagtingin sa mga oso mula sa init at ginhawa ng espesyal na idinisenyong mga tundra na sasakyan, mula sa isang helicopter na nagbibigay ng nakamamanghang panghimpapawid na tanawin, mula sa bintana ng isang remote na wilderness lodge o, para sa malakas ang loob, mula sa antas ng lupa kasama ang isang may karanasan na gabay.

Araw 4: Sa tag-init, ang lugar ng Churchill ay nagbabago sa isang kumikinang na wildlife safari, na may mahigit sa 3,000 mga balyenang beluga na pumupuno sa tubig. Makakasali ka sa kasiyahan nila habang nakasakay sa malaking sasakyang pandagat, zodiac, kayak o pati harapan sa pamamagitan ng isang snorkelling mask. Pakikipagsapalarang hiking sa paligid ng lugar ay magbubukas ng isang buong bagong mundo sa Churchill. Tingnan ang mga National Historic Site, ang iba't ibang wildlife at daan-daang mga artikong mga uri ng tanim.

Araw 5: Ang bayan ng Churchill ay puno ng mga lokal na pag-aaring restoran na naghahain ng pinakamasasarap na sa hilagang luto at kakaibang tindahan ng regalo na nagpapakita ng mga Artikong sining at mga regalo. Siguruhing dalhin ang iyong pasaporte sa lokal na post office kung saan ang kawani ay magtatatak ng iyong pasaporte at bibigyan ka ng mga karapatan na ipagmalaki ang iyong pagbisita sa "Kabisera ng Osong Puti sa Mundo".

Araw 6: Isang gabing pagbalik sa Winnipeg ay pauuwiin ka nang puno ang iyong isip at puso ng mga alaala ng isa sa mga pinaka-hindi malilimutang lugar sa mundo.

*www.everythingchurchill.com*

Sampol na Itineraryo #2
Mga Flyway at Byway
Panahon: Mayo - Setyembre
Araw 1: Simulan ang iyong biyahe ng panonood ng ibon sa Winnipeg na may maraming palaawiting ibon at mga waterfowl sa isang sentro ng kalikasan sa kalunsuran.

Araw 2: Papuntang hilaga, huminto sa Oak Hammock Marsh papunta sa mga baybayin ng Lake Winnipeg para sa mga offshore na ibong dagat, waterfowl at mga uri ng ibon na nabubuhay sa mga basang lupa.
Araw 3: Silangan ng Winnipeg, ang paglagi sa isang resort sa Whiteshell Provincial Park ay patatampukin ang iyong mga paboritong mga uri ng hayop sa loob ng malinis na boreal na kagubatan ng Manitoba.

Araw 4 at 5: Manatili nang isang araw sa kanlurang rehiyon ng Manitoba, lalo na sa Riding Mountain National Park kung saan maaari mong makita ang mas marami sa 100 uri ng hayop bawat araw, kabilang ang panlalawigang ibon ng Manitoba, ang Great Gray Owl.

*www.birdingmanitoba.com*



# Halika at Matuto




Ang Red River College

Habang ang Manitoba ay nag-aalok ng maraming mga kapana-panabik na mga pakikipagsapalaran sa turismo, tulad ng nakikitang mga osong puti at northern lights, ang Manitoba din ay isang magandang lugar upang puntahan at matuto. Gusto mo man matuto ng Ingles o upang makakuha ng pananaw mula sa industriya ng agrikultura ng Manitoba, ang Manitoba ay may mga institusyon at eksperto upang punan ang iyong paghahanap ng kaalaman.

Mula sa mga maliliit na 'specialty farm' hanggang sa mga high-tech na pang-agrikulturang planta, ang agrikulturang paglalakbay sa Manitoba ay isang aktibo at nakakaayang paraan upang ibabad ang iyong sarili sa kultura at kapaligiran ng lalawigang ito. Bilang karagdagan sa mga paglilibot ng mga sakahan at halaman, makipagkita sa mga tagagawa ng kagamitan at mga may-ari ng mga negosyo ng agrikultura. Ang Manitoba ay tahanan din sa maraming mga pangunahing kompanya ng butil at mga institusyon ng pananaliksik.


Ang Manitoba ay nag-aalok ng mga internasyonal na mga programa ng edukasyon na nagbibigay-daan sa mga bisita na matuto at maglakbay sa aming mga komunidad na nagsasalita ng Ingles at Pranses. Ibabad ang iyong sarili sa mga kultura ng mga Canadian sa mapagkaibigan, ligtas at magkakaibang lalawigang ito. Ang halaga ng Manitoba para sa pera kasama ang mataas na kalidad ng pang-edukasyong mga institusyon ay umaakma sa kahanga-hangang mga kultura at panlabas na pakikipagsapalaran na naghihintay sa iyo sa Manitoba.



Mahigit sa 4,000 mag-aaral mula sa 80 magkakaibang bansa ay pumupunta sa Manitoba upang mag-aral bawat taon.

Upang matuto pa at planuhin ang iyong biyahe sa Manitoba, bumisita sa

Travel Manitoba .com





**Travel Manitoba**
700-155 Carlton Street
Winnipeg, Manitoba
R3C 3H8 Canada

1-800-665-0040
www.travelmanitoba.com